

# 2023 STATE OF THE PROVINCE ADDRESS NG PAMAHALAANG PANGLALAWIGAN

INIHATID nina Provincial Governor Humerto 'Bonz' Dolor at Vice Governor Ejay Falcon ang kanilang State of the Province Address (SOPA) noong ika-5 ng Hulyo sa Batasang Panlalawigan.

Hindi naman pinalampas ni City Mayor Marilou Flores-Morillo at Vice Mayor Bim Ignacio na matunghayan at marinig ang One-Year Accomplishments ng Pamahalaan at Sangguniang Panlalawigan ng Oriental Mindoro.

Ibinihagi ni Gov. Bonz Dolor ang mga kaukulang datos ng bawat programang inilunsad ng Pamahalaang Panlalawigan sa iba't ibang sektor. Gayundin, isa-

niyang ipinakita ang mga naipatayong imprastraktura sa ilalim ng kaniyang administrasyon tulad ng Oriental Mindoro Heritage Museum, Liwasan ng Mamamayan o Place del Gobernador, Sentrong Pangkabataan, Oriental Mindoro Sports Complex, atbp.

Inilahad din ng gobernador ang mga susunod pang mailulunsad na imprastraktura sa Lalawigan ng Oriental Mindoro at ilan nga sa mga ito ay ang Dialysis Center, Water Analysis Laboratory, Balai Aruga, Boy Scout and Girls

Scout of the Philippines Camp Site, Baywalk, at marami pang iba.

Samantala, inilat naman ni Vice Governor Ejay Falcon na sa 48 sessions ay nasa 597 committee reports, 660 resolutions, at 50 ordinances na ang naipasa ng ika-11 Sangguniang Panlalawigan sa loob ng isang taon. Karamihan nga sa mga resolusyon ay pagbibigay-daan kay Gov. Bonz na maki-pag-ugnayan sa iba't ibang ahensya at organisasyon (Thea Marie J. Villadolid/CIO).



## RESCUE BOAT, HAN-DOG NG PAMAHALAANG LUGNSOD SA BUCAYAO



ISANG Rescue Boat ang handog nina City Mayor Marilou Flores-Morillo at Disaster Risk Reduction and Management Officer Mr. Dennis Escosora sa Sangguniang Baranggay ng Bucayao na pinamunuan ni Kapitan Ernesto Culla, ika-6 ng Hulyo.

Isa ang Baranggay Bucayao sa mga nakakaranas ng pagbaha lalo na sa tuwing may dumadaang bagyo — dahilan kung bakit

sila ay naging beneficiaryo ng nasabing kagamitan.

Ayon kay Mr. Escosora, mag-sasagawa din ang CDRRMD ng pag-sasanay sa mga maitatalagang baranggay rescuers. Samantala, bilin ni Mayor Morillo na ingatan ang rescue boat at kung sakaling magkaroon ng sira ay ipaalam sa CDRRMD upang maayos kaagad (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

# THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE

**PUBLISHER**

RUEL T. LANDICHO  
**PUBLISHER / OWNER**

RAIA JENNIFER E. DELA PENA  
**EDITOR IN CHIEF**

MARIA GLENDA LANDICHO  
**OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER**

JACQUILOU LIRIO  
ANTON VIKTOR LANDICHO  
**STAFF WRITERS**

MARCUS A. NEGADO  
**LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN**

REYMUUND AL USSAM  
**LEGAL CONSULTANT**

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361 EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAQJOURNAL.COM



TINGNAN: Matagumpay na Lakbay-aral sa Korea Ang mapatatag kontra climate change ang mga proyektong pang-agrikultura na itinatayo ngayon sa lalawigan at ang magkaroon ng tuluy-tuloy na maayos na pamamahala sa mga proyektong pang-agrikulturang lupa na sinasaka ngayon ng kanilang mga magulang. Ang mga pamamaraan kung paano makakamit ito ang sinaliksik at inaral ng grupo ng mga stakeholders mula sa iba't ibang sector sa Pamahalaang Panlalawigan at kinatawan mula sa mga kaugnay na ahensya ng pamahalaang nasyunal nang magtungo ang mga ito sa bansang Korea, Hunyo 18-24.

Bahagi ang naturang pagbisita ng magkatuwang na proyektong Global Green Growth Institute at ng Korea International Cooperation Agency (KOICA) na naglalayong paigtingin ang pagiging matatag ng agrikultura sa mga rural areas ng Oriental Mindoro kontra climate change; ang matutunan ang mga makabagong pamamaraan ng pamamahala sa mga proyektong pang-agrikultura, mula sa paglikha ng mga produkto nito hanggang sa pagpoproseso at pagsasapamilihan nito.

Maraming makabagong kaalaman ang natutunan ng grupo sa mga lugar sa Korea na binisita ng mga ito tulad ng Garak Market na pinakamalaking wholesale market sa Korea at ang Seoul Agricultural and Fishery Food Corporation na pinamamahalaan din ng Seoul Agricultural and Fishery Food Corporation at ang Koica Exhibition Hall na humihikayat at nagtataas ng kamalayan sa kahalagahan ng tuluy-tuloy na pakikibahagi ng mamamayan sa mga proyektong agrikultural.

Sa paggabay ni GGGI Senior Project Technical Officer Pepe Nebril, binubuo ang grupo ng mga kinatawan ng iba't ibang tanggapan kabilang ang Provincial Planning and Development Office, Provincial Agriculture Office, Provincial Investment and Cooperative Development Office, Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office, Provincial Engineering Office gayundin ang mga katuwang na ahensya ng pamahalaang

nasyunal tulad ng Department of Science and Technology Office at Department of Trade and Industry.

Sa Oriental Mindoro, matatandaang may apat nang kooperatiba ang tinutulungan ng KOICA sa kanilang proyektong pangkabuhayan katuwang ang DOST, DTI at DA kabilang ang Samahang Manggagawa sa Balatasan (SAMASABALATASAN) sa kanilang seaweed project, Pakyas Rural Improvement Club (PARIC) sa kanilang Calamansi project, Bigaan Agrarian Reform Cooperative (BARCO) para sa Coconut project at Malubay Agrarian Reform Beneficiaries Association (MARBA). Nauna pa rito, malapit na ring matapos ang itinayong Provincial Agriculture Center (PAC) sa Merit, Victoria na pinondohan ng KOICA na magsisilbing bagsakan ng raw agricultural products mula sa mga magsasaka upang doon iproseso ang malilikhang by-products nito na malaki naman ang maitutulung sa mga magsasaka sa lalawigan dahil nakasama sa proseso rito ang labeling at packaging na magpapataas ng presyo ng produktong agrikultural kapag ito ay isinapamilihan na. (PIO Calapan)



## NET ON WHEELS (NOW) NG CITY GOVERNMENT OF CALAPAN, MALAKING TULONG PARA SA MGA GALAPENO

SA PATULOY na paglago ng teknolohiya ay hindi nagpapaiwan ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan. Ilang buwan makalipas na maupo si Tita Malou Flores-Morillo bilang City Mayor, Nobyembre 2022, sa inisyatiba ng Management Information System Office na pinamunuan ni Mr. Peter Mervin Abogado ay nagkaroon ng katuparan ang pinangarap na Net On Wheels (NOW) na inaasahang maghahatid ng maayos na internet access sa mga pagkakataong ito ay kakaailanganin.

Sa kasalukuyan ay gamit na gamit ang serbisyo ng NOW sa regular na pagsasagawa ng 'Serbisyonig Tama Para sa Barangay' (Barangay Caravan) na kung

saan ay kadalasang gumagamit ng digital system ang mga ipinagkakaloob na serbisyo.

Naseserbisyuhan ng NOW ang mga isinagawang aktibidad sa lungsod tulad na lamang ng mga palabas at konsyerto at iba pang mga okasyon. Sa kabutihang-loob at pag-apruba ni Mayor Morillo ay naipapagamit din ito sa ilan pang ahensya ng Pamahalaan. Sa nagpapatuloy na pagsasagawa ng CBMS ay malaking tulong ang serbisyonig hatid ng mobile internet ng City Government upang mabilis at epektibong maisakatuparan ito.

Hinahangaan at gustong tularan ng mga ahensya at ilan pang LGU's

ang konsepto ng kapakinabang na proyektong ito ng City Government of Calapan-MIS na nilaanan ng pondong aabot sa kabuuang 2.5 million pesos.

Narito ang ilan sa hey features ng NET-ON-WHEELS (NOW): Range of Motion (OPEN AREA) 1000 meters, Provides free wifi using 4 CPE modem and Starlink (assured high-speed internet for events or individual users), With solar generator so no possible disruption for internet access and services, Smart Infrastructure by finding creative ways to deliver connectivity, With built in security feature with 4 CCTV Cameras (24/7). (Junard Acapulco/CIO)



## LAUNCHING OF SILONAY MANGROVE NURSERY & SOFT LAUNCHING OF ECO-PARK SEAFOOD RESTAURANT

KALIKASAN. KABUHAYAN. SAMAHAN. Sa pagsusulong ng isang Lunting Lungsod ng Calapan, magkasama ang Pamahalaang Lungsod, at Sangguniang Panlungsod sa pagpapatatag ng mga proyektong pangangalaga ng kalikasan, at pagbibigay ng kabuhayan sa mga samahan ng mamamayang Calapeño. *"Ang pakikipagtulungan ay susi ng ating tagumpay... Sama-sama po tayong sa pag-unlad ng Lungsod ng Calapan!"* — City Mayor Mabilou Flores-Morillo.

Ika-6 ng Hulyo ay inilunsad ng Pamahalaang Lungsod, sa pangunguna ng Silonay Mangrove Eco-Park Seafood Restaurant ng SNPS, sa pamumuno ni Mr. Benecio B. Vergara. Isa din ito sa mga proyektong ng Pamahalaang Lungsod, Green City Program, at Calapan City Tourism, Culture and Arts bilang tulong pangkabuhayan sa nasabing samahan at para na rin sa turismo ng lungsod.

Present sa programa sina Vice Mayor Big Ignacio, Hon. Genie Fortu bilang Green City of Calapan Program Director, kaya naitayo ang Mangrove Nursery ay dahil maraming mga organisasyon ang nagsasagawa ng pagtatanim

ng bakawan at kailangang mayroong steady supply ng mga pananim. Gayundin, ito ay maaring maging kabuhayan ng Sama-samang Nagkakaisang Pamayanan ng Silonay (SNPS). Kaugnay nito, ipinakilala din ni Enp. Joey S. Benter — City Trade and Industry Department - Calapan Officer, ang Dalig Batino Buri Weavers Association na nagsusulap naman ng mga buri bag na ipinalit sa mga plastic bags kung saan inilalagay ang mga pananim.

Sunod namang isinagawa ang Soft Launching ng Silonay Mangrove Eco-Park Seafood Restaurant ng SNPS, sa pamumuno ni Mr. Benecio B. Vergara. Isa din ito sa mga proyektong ng Pamahalaang Lungsod, Green City Program, at Calapan City Tourism, Culture and Arts bilang tulong pangkabuhayan sa nasabing samahan at para na rin sa turismo ng lungsod.

Present sa programa sina Vice Mayor Big Ignacio, Hon. Genie Fortu bilang Green City of Calapan Program Director, kaya naitayo ang Mangrove Nursery ay dahil maraming mga organisasyon ang nagsasagawa ng pagtatanim

leachon, Hon. RC Conception, at Hon. Rius Agua. Naroon din sina City Administrator Atty. Reymund Al Ussam, Chief of Staff Joseph Umali, City Tourism

Officer Christian E. Guad, City Legal Officer Atty. Rey Daniel S. Acedillo, Serbisyonig TAMA Program Administrator Joseph Dytico, at maging si Blue Al-

liance Philippines General Manager Bonifacio Tobias. (Thea Marie J. Villadolid/CIO).



**SINAG PRINTING PRESS**  
Parian Nat'l Highway, Calamba City, Laguna  
Contact us: Telefax: (049) 834-6261 • Mobile: 09205819079  
Email add: tambull\_press@yahoo.com.ph

For you commercial print needs!  
Books, yearbooks, marketing collaterals  
www.sinagprintingpress.com  
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



Gasolina at Krudo,  
Sigurado at Garantisado

**BARANGAY GULOD,  
CALAPAN CITY, OR. MINDORO**  
CONTACT: 09295453013

## NUTRISYONG SAPAT PARA SA LAHAT

UMANGKLA ang selebrasyon ng Nutrition Month ngayong taon sa temang “Healthy Diet Gawing Affordable for All”.

Ang pagdiriwang ng Nutrition Month ay naka-tutok sa kalusugang pang-kalahatan, na nahati naman sa limang kategorya: kalusugang sapat para sa mga bata, para sa teens, para sa mga adult, para sa mga katandaan, at para sa mga buntis at lactating moms na siya naging pokus

ng selebrasyon ng Cluster 5 noong ika-5 ng Hulyo na kinabibilangan ng Barangay Balingayan, Baruyan, Canubing I at II, Comunal, Malamig, Patas Personas, Tawagan at Sta. Rita.

Naging highlight ng Cluster 5 Nutrition Month Celebration ang kanilang isinagawang Sabayang Hakab (Lactating mothers) — MOMshies Sabayang Hakab, Importanteng Eks-

klusibo at Sapat!

Sa paglipas ng panahon, itinataguyod ang kahalagahan ng breastfeeding para sa parehong nanay at kanilang mga sanggol. Ang breast milk ay nagbibigay ng pinakamahasay na nutrisyon para sa mga bagong silang na sanggol at nagpapatibay sa ugnayan sa pagitan ng nanay at anak, kalaikip rin ang pagbibigay diin na ang breastmilk ay syang itinuturing na pinakamahasay at kumpleto sa sustansya na pagkain para sa mga sanggol.

Sa pamamagitan ng City Health and Sanitation

Department, sa pangunahin ni Dr. Basilisa Llanto City Health Officer, Ms. Glenda Raquepo RN City Nutrition Action Officer, mga Punong Barangay na nakapailalim sa Cluster 5, mga BNS at BHW, at ilan pang konsernadong indibidwal, naging matagumpay ang nasabing aktibidad.

Samantala, naroroon at personal na dinaluhan din ni Chief-of-Staff Mr. Jan Jo-

seph T. Umali ang naturang aktibidad bilang representative ng Ina ng Lungsod, City Mayor Malou Flores-Morillo.

Ayon sa kanya, kaiisa siya ni Mayor Malou sa paghahangad na maging “Home of the Healthies Filipinos” ang lungsod ng Calapan. Kaya aniya pa, malaki ang kanyang paghanga at pagsaludo sa mga tao na nasa likod ng iba’t ibang mga programang pangkalusugan na pakikinabangan ng madaming tumbayan. (CIO Calapan)

